ISSN: 2546-0536

# HANEP
Basahin Mo Ito!

Taon 3 • Blg. 44 Marso 11-17, 2019 • P10.00

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

LOTS FOR SALE
along ZAPOTE-ALABANG RD.
22 hectares @ 60,000/ sqm.
DAANG HARI
23 hectares @ 45,000/sqm
NEGOTIABLE
Contact: KA INDO
0997-9088638 (Globe)
0918-6174067 (Smart)
Tel. No.: (046) 434-6167

# MGA NANGHIRAM NG TAPANG SA ALAK SA CAVITE, SA PIITAN NAHIMASMASAN

pahina 2

SOUTH STAR PRINT CENTER
Accepts the following Election Paraphernalias:
Pamaypay * Sombrero * Stickers * Flyers * Pocket Calendars * T-Shirt Printing * Sample Ballots
Please call: (046) 434-6167
Cell. Nos.: 0997-908-8638
0918-6174067
email: southstarprintcenter@yahoo.com

## DOH CALABARZON CONDUCTS THE FIRST BASIC WHEELCHAIR TRAINING PACKAGE TO SERVICE PROVIDERS AND PWDs

pahina 11

## MUNICIPALITY OF ROSARIO RECOGNIZES TEACHERS IN GAWAD GILAS 2019 AWARDS

p. 4

## CAVITE GFPS GOES ON A LEARNING VISIT TO LOS BAÑOS

pahina 5

## METRO MANILA, CAVITE AT RIZAL: BABAHAIN SA SUPPLY NG TUBIG?

p. 7

## Gaticales nanguna sa PECA executive chess tourney

pahina 6



PROUD SI ARCI MUÑOZ

pahina 8

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# MGA NANGHIRAM NG TAPANG SA ALAK SA CAVITE, SA PIITAN NAHIMASMASAN

**TATLONG Kabitenyo na nagsiga-sigaan dala ng kalasingan ang dinala sa kulungan matapos na nambato ng bubong ng mga bahay at nanira ng street lights at CCTV ng barangay sa Rosario, Cavite.**

Huli na ang pagsisisi na dapat sa tiyan ipinasok ang alak nang nahimasmasan sa Rosario Custodial Center sina Cesar Darantinao, 29, binata; Melvin Yadao, 31, binata; at Reyand Bactol, 31, may live-in partner, na pawang residente ng Brgy. Sapa III, Rosario.

Sa ulat ni Corporal Ahvegail Darang, ng Rosario Municipal Police Station, dakong ala - 1:30 ng madaling araw nang umuwi ang tatlong magkakaibigan mula sa isang inuman at habang naglalakad sa Brgy Sapa III, ay dumampot sila ng bato at pinagbabato ang mga bubong ng bahay na kanilang madaan gayundin ang covered court.

Hindi pa nasiyahan, binato pa ang nadaanang street lights at nang nakita ang CCTV ng barangay ay dumapot ng kahoy at winasak ito.

Dakong alas-9:00 ng umaga ay napuna ni Brgy. Councilor Nelson Talinting , 43, ang sirang CCTV kaya pinanood ito sa monitor kung saan nakilala ang mga suspek.

Nalaman din ang ilang sinira ng mga suspek na umabot sa P25,000.

Tulog pa sa sobrang kalasingan nang gisingin at arestuhin ang mga suspek na sinampahan ng kasong Malicious Mischief (Damaged to property).

Sa Rosario pa rin, isa pang 46-anyos na factory worker ang nanghiram ng tapang sa alak at sa piitan na nahimasmasan.

Nanghipo ng puwit ng isang babae bukod pa sa nagmura at naghamon ng isang pulis ang suspek na si Hilton Andrade, ng Brgy. Tejeros Convention, Rosario.

Inireklamo siya nina PO1 Rico Cabahug, ng Rosario Police Station; Lyka Ann Roldan, kapatid nitong si Leora Roldan at Marjorie Cabahug , pawang residente ng Brgy Tejeros Convention.

Sa reklamo ng magkapatid na Lyka at Leora kay Patrolman Joey Luz Puluzan, ng Rosario Municipal Police Station, namimili sila sa isang night market sa CCAT Road, Brgy Tejeros Convention dakong alas-12:15 ng hatinggabi nang bigla umanong hinipuan sa puwit ng suspek si Lyka.

Hindi naman ito pinansin ni Lyka sa pag-aakalang nabangga lamang nito ng suspek kaya nagpatuloy ito sa pamimili.

Subalit tila nanggigil pa si Andrade at muling sinundan si Lyka at muling pinisil ang puwit nito kaya sinigawan niya ang suspek.

Pero nagpatay-malisya lamang ang suspek at nagalit pa ito sabay tinapunan ng hawak niyang pop corn.

Sumaklolo ang kapatid ni Lyka pero siya naman ang tinapunan ng pop corn ng suspek kaya umuwi na lamang ang mga ito at nagsumbong sa kapitbahay nilang si Marjorie na asawa ng pulis.

Rumespnde naman si PO1 Cabahug subalit siya ay minura ng suspek at sinabihan pa ng "P-ina mo, Wag kang makialam, pulis ka lang, di mo pa ako kilala, Gago ka" dahilan upang tuluyang bitbitin at ipasok sa kulungan.

Kasong Acts of Lasciviousness, Grave Threat, Slight Physical injury, Direct Assault at Disobedience and Resistance upon Agent of Person in Authority ang isinampang kaso laban sa suspek. **GENE ADSUARA**



Hugpong ng Pagbabago takes campaign caravan in Bacoor. HNP Chairperson Sara Duterte brings the senatorial slate to Bacoor, Cavite with 16,500 supporters from all over the province of Cavite. The HNP senatorial slates were welcomed by municipal and city mayors from the Province of Cavite that includes the Bacoor City Mayor Lani Mercado Revilla, the wife of running senatoriable of the HNP, Sen. Bong Revilla.

# Responsableng pag-aalaga ng mga hayop, tuon sa Rabies Awareness Month

**LUNGSOD QUEZON (PIA)—**"Makiisa sa barangayan kontra rabies, maging responsableng pet owners!"

Ito ang panawagan ng Department of the Interior and Local Government (DILG) at ng Department of Health (DOH) sa publiko sa pagdiriwang ng Rabies Awareness Month ngayon buwan ng Marso.

Ayon sa DOH, itinuturing ang rabies na isang "public health problem" dahil maraming Filipino ang namamatay dahil dito.

Ayon sa talaan ng World Heralth Organization (WHO), aabot sa 200 Filipino ang namamatay dahil sa rabies transmisyon kada taon, at 99 na porsiyento nito ay mula sa mga aso.

Ayon pa sa DOH, maaari naman itong mapigilan kung magiging responsable ang mga pet owner sa pamamagitan ng pagpapabakuna sa mga alaga nilang mga hayop.

Ang rabies ay isang deadly virus na napapasa sa iba sa pamamagitan ng laway ng infected na hayop. Ito ay kadalasang nakukuha buhat sa kagat ng domesticated o wild animals.

Kabilang sa mga sintomas ng rabies infection ay ang lagnat o pananakit ng ulo, pananakit o pamamanhid ng bahagi ng katawan na kinagat ng hayop, at deliryo at pagkaparalisa.

Sintomas din ng rabies infection ang pamumulikat ng mga kalamnan, gayundin ang "pagkatakot" sa hangin at tubig.

Dagdag pa ng DOH, mahalaga ang first aid o paunang lunas kapag nakalmot o nakagat ng hayop na maaring may rabies. Dapat hugasan ang sugat gamit ang sabon at dumadaloy na tubig

Mahalaga ring magpabakuna kaagad sa doktor, at kinakailangang maobserbahan ang hayop.

Kung hindi alagang hayop ang nakakagat o nakakalmot, mahalagang maipahuli ito upang maobserbahan.

Paalala rin ng DOH sa mga may alagang hayop na pabakunahan ang mga ito mula sa ikatlong buwan mula kapanganakan at taon taon pagkatapos nito.

Huwag rin umanong hayaang gumala ang mga alagang hayop sa kalsada at alagaang mabuti ang mga ito sa pamamagitan ng pagpapaligo, pagbibigay ng malinis na pagkain, at maayos na matutulugan.

Sa taong kasalukuyan, katuwang din ang Department of Agriculture (DA) kasama ang mga lokal na pamahalaan at pribadong sektor sa iba't ibang aktibidad kaugnay ng kampanya laban sa rabies. **(InfoComm)**

# 4 Driver kalaboso, mga dump truck kumpiskado

**APAT** na driver ang inaresto habang nasa kustodiya ng Cavite Police ang 4 na dump truck na ginamit matapos na illegal na nagtapon ng basura sa hindi tamang lugar na pagtatambakan sa Gen. Trias City, Cavite.

Kasong paglabag sa Sec. 48, Para 13RA 9003 o Ecological Solid Waste Managemnet Act of 2000 ang isinampa laban sa mga naarestong suspek na sina Gilbert Natural, 37; Rafael Zandro Dacir, 29; Christian Himawas, 23; at Jobert Natural, na pawang residente ng Sahud Ulan, Tanza.

Sa ulat ni SSgt Armine Matron, ng Gen Trias City Police Station, dakong alas-12:00 ng tanghali nang sunud-sunod na pumasok ang 4 na driver lulan ang kanilang dump truck na puno ng solid waste materials at itinapon at sinunog sa Brgy. Alingaro, Gen Trias City.

Inaresto naman ng mga Bantay Bayan ang 4 dahil wala sa listahan ang Brgy. Alingaro sa pinagtatapunan ng mga basura.

Bukod sa 4 na driver, ikinustodiya rin nila ang apat na dump truck. **GENE ADSUARA**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Dahil lamang sa dakdakan

**NAKARANAS** ng pambibira mula kay Pangulong Rodrigo Duterte ang iba't ibang television networks.

May kinalaman ito sa paghaharap ng mga kandidato para sa tinatawag na pagdedebate.

Ano nga ba ang debate? Pagpapalitan ng kuru-kuro o paliwanag.

Sa pamamagitan ba ng debate ay makikita at masasabi kung sinu-sino ang mahuhusay na kandidato?

Ewan ko, hahaha. Sabi nga kasi, hindi maaaring kilatisin ang isang kandidato o kahit sino pa man dahil lamang sa dakdakan.

Ano ang sabi ni Duterte sa kanyang talumpati sa Bangued, Abra?

'Money making exercise' lang daw ang pagsasagawa ng mga debate batay sa pahayag ni Digong.

Paliwanag ng Pangulo ay isang minuto at kalahati lamang ang naibibigay sa isang kandidato para masabi ang saloobin hinggil sa tinatalakay na usapin.

Kulang ito at maikokonsiderang walang saysay sa kadahilanang hindi maayos at mabuti maipapaliwanag ang sinabi ng nagsasalita.

Hindi maiiwasang umalma si Digong batay na rin sa mismo o sarili niyang karanasan.

Noong 2016 national elections, sa pagtakbo bilang pangulo ng bansa ay may ilang ibinahagi siya.

Ilang mayayamang kandidato ay lumalapit umano sa mga audience para sa election propaganda.

Ang pagkakaiba doon sa walang perang kandidato, sabi pa ni Digong na kagaya niya, ay naroon lamang sa loob ng holding room.

Hold, meaning ay hindi ubrang gumalaw kaya nananatili lamang nakatayo sa kanilang puwesto.

Kaya naman hangad ni Digong sa mga susunod na taon na magkakaroon ng presidential debate ay kailangang ipagkaloob ang sapat na oras sa bawat kandidato.

Kung maibibigay daw ang tamang oras ay matatalakay ang iba't ibang bagay na nais iparating sa publiko.

Usap lang, karapat-dapat pa nga ba ang debate? Kailangan pa ba ito?

Makakatulong ba ang debate para makapagbigay kaalaman sa mga botante?

Maaari sigurong magsagawa ng debate subalit hindi natin puwedeng gawing batayan ito upang masabi kung mahusay o hindi ang bawat kandidato.

Alalahanin na mayroong mahusay sa pagdakdak pero iyon bang puro salita lamang at kulang naman sa gawa.




**PGC's Kalinga sa Kalikasan Program in Brgy. Cabuco, Trece Martires City:** Cavite Provincial Government's environment awareness campaign dubbed as "Kalinga sa Kalikasan" was conducted at Sunshine Ville Covered Court in Brgy. Cabuco, Trece Martires City on March 6, 2019. Governor Boying Remulla together with Vice Governor Jolo Revilla and Indang Municipal Councilor Ping Remulla led the program and encouraged Treceños to constantly participate in environmental activities. Also present at the event were Trece Martires City Councilors Aldrin Anacan and Kim Paulo Lubigan and former Presidential Adviser on Political Affairs Francis Tolentino.**(PICAD)**

# EDITORYAL

## May sapat na mga hakbang

**IBINIBIDA ng economic managers ng kasalukuyang administrasyon ang kanilang kaukulan o sapat na mga hakbang upang agapan ang epekto ng tinatawag na mild El Nino sa ating bansa.**

**Isa sa mga hakbang ay ang pag-angkat ng mga produkto mula sa mga bansa na hindi apektado ng grabeng tag-init.**

**Sa puntong ito ay pasok ang implementasyon ng Rice Tariffication Law.**

**Pasok din umano ang iba pang programa ng kasalukuyang pamahalaan.**

**Ang financial analyst na si Astro del Castillo ay nagsabing tiwala silang mananatili ang positive trend ng ekonomiya kahit pa nangyayari ang ganitong suliranin.**

**Sana nga ay maganda ang pasok ng ekonomiya ngayong 2019 at maipagpatuloy hanggang sa mga darating na buwan ang mahinang inflation.**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.***
papi

# MUNICIPALITY OF ROSARIO RECOGNIZES TEACHERS IN GAWAD GILAS 2019 AWARDS

**Municipality of Rosario (PIA) — The municipality of Rosario once again gives recognition to its outstanding teachers and school heads for the fourth year with the Gawad Gilas sa Gurong Salinas 2019.**

Gawad Gilas is an annual award-giving and recognition program, which was first launched in February 2015 at Rosario Elementary School covered gym, that honored and gave recognition to teachers of the municipality who exemplify and showed great accomplishment that brought pride and honor to the municipality.

This year, Ms. Nonita S. Alarca a teacher from the David P. Jimenez Elementary School, Wawa 1 and a three-time awardee, was given recognition for receiving various awards during the Division MANCOM (Division Management Committee Meeting).

Likewise, an awardee for Teacher of the Year for the third time was Ms. Mary Anne Fuerte from Rosario National High School who was extremely grateful as she exclaimed, "Maraming maraming salamat po sa lahat ng nasa likod ng achievements na ito. Hindi ko po makukuha 'to ng mag-isa.."

The term 'Gilas' came from the words that were usually part of the messages of Honorable Mayor Nonong Ricafrente; "Basta guro at batang Salinas - Magilas" taking pride in the townsfolk of Salinas.

It was in 2014 when Dr. Diana P. Topacio's inspiration that gave the idea of the awards recognition and presented it to the school heads of Rosario for 'fine-tuning' and implementation. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from Rosario PIO)**




**SUPPORTING COMMUNITIES MAINTAIN CLEAN ENVIRONMENT:** The campaign for conservation of resources and protection of the environment strengthens in Trece Martires City with another Kalinga sa Kalikasan project headed by Governor Boying Remulla and Vice Governor Jolo Revilla on March 4, 2019 at Barangay Conchu covered court. The 1,736 Treceño "environmental warriors" who participated in the event were recipients of the cash for work program of the provincial government. Other guests who attended and expressed their support to the advocacy include visiting former Special Assistant to the President Bong Go, Board Member Rainier Ambion, Indang Municipal Councilor Ping Remulla, Tanza Municipal Councilor Lito Langit and WOW Party List Representative Patty Keng. **(PICAD)**

# DOST Calabarzon to certify 22K teachers serving in May polls

**LOS BAÑOS, Laguna —** Around 22,194 teachers, who will compose the Electoral Boards (EBs) across Calabarzon Region for the May 13 mid-term elections, are up for certification starting Tuesday by the Department of Science and Technology (DOST) regional office here and authorized science and technology (S&T) agencies.

Rochelle Cruz, head of the DOST-Calabarzon Public Affairs, Relations and Communications Unit (PARCU), told the Philippine News Agency on Tuesday that the regional office, in partnership with the Commission on Elections (Comelec), will undertake anew the certification procedure for the EB members — Board of Election Inspectors (BEI), Special Board of Election Inspectors (SBEI), Board of Election Tellers (BET), Special Board of Election Tellers (SBET).

Cruz said the DOST Central Office, its regional office here, along with the Philippine Council for Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD); Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development (PCIEERD); and Advanced Science and Technology Institute (ASTI), have 34 certifiers and two quick response teams to conduct the certification of EB teacher members.

She said the certification period kicks off on March 5 until March 16 for the Calabarzon provinces of Laguna, Batangas, Rizal and Quezon; while Cavite has slated its registration from March 5 until March 23.

During the certification procedure, the public school teachers will undergo a seminar and training on the proper operations of the vote counting machines (VCM) by the Comelec before the issuance of DOST certification.

"The teachers assigned to the respective poll boards will also go through written and practical exams on the use of VCM to assess their readiness for the upcoming elections," Cruz said.

She further said the certification process is pursuant to Republic Act 9369, or the Automated Election System (AES) Law which amended Republic Act 8436, authorizing the Comelec to use an automated election system for the national or local elections in a bid to encourage transparency, credibility, fairness and accuracy of the polls.

Cruz noted this is the fourth time the DOST is handling the EB certification with over 22,000 to be certified in the Calabarzon Region alone.

The S&T agencies have estimated more than 171,000 EBs that are up for certification all over the country before the May 13 mid-term polls, she added. ***(PNA)***

# SHS student, nagpakamatay?

**HINIHINALANG** nagpakamatay ang isang Grade 11 student ng Cavite State University (CAVSU) nang natagpuan ang bangkay nito sa ilalim ng tulay sa Trece Martires City, Cavite.

Kinilala ang biktimang si Ivan Christian Marco, ng Punta 1 Carissa Homes Subdivision, Tanza.

Sa ulat ni Corporal Eduardo Babiera, ng Trece Martires City Police Station, dakong alas-7:45 ng umaga noong Sabado nang natagpuang patay ang biktima sa ilalim ng Tulay na Bakal sa Brgy. Osorio, Trece Martires City.

Ayon sa salaysay ni Gregorio Marco, 46, ama ng biktima na Biyernes ng umaga nang nagpaalam umano ang anak na pupunta sa eskuwelahan upang gumawa ng research para sa project pero simula noon ay hindi na bumalik.

Nagtanung-tanong umano si Gregorio sa mga kaklase ng biktima subalit walang napakagsabi kung nasaan ito hanggang sa nauwi ang kanilang paghahanap sa police station matapos napag-alaman na may natagpuang patay sa nasabing lugar at base sa deskripsiyon at sa mga nakuhang gamit ay nakumpirmang ang anak niya ito.

Ayon sa ama, may nakitang saksak sa katawan ng biktima nang kanilang puntahan sa morgue subalit ayon sa inisyal na imbestigasyon ay posibleng nagpakamatay ang biktima.

Ayon kay Babiera, hinala nito na nagpakamatay ang biktima dahil sa nakitang lubid sa crime scene at tumutugma na may dala itong lubid na kanyang binili.

"May nakita kaming lubid sa crime scene na posibleng ginamit ng biktima at nakuha rin namin sa kanyang bag ang resibo kung saan bumili ito ng lubid sa ACE hardware sa SM Trece Martires City" ayon kay Babiera.

Tumutugma rin yung kulay ng lubid na binili ng suspek nang i-verify ito sa pinagbilhan.

Ayon sa ama, nalaman nito sa mga kaklase ng na natapos umano ang research ng biktima ng dakong alas-2:00 Biyernes ng hapon kung saan pumunta umano ang anak nito sa SM Trece Martires City kung saan nanoond pa umano ng sine.

Sinabi ni Babiera na hihintayin pa nila ang resulta ng SOCO hinggil sa alegasyon ng ama na may saksak sa katawan ang anak nito gayundin ang CCTV sa ACE Hardware na ang biktima nga ang bumili.

Dagdag pa ni Babiera na aalamin din kung may kinalaman sa pag-aaral ang dahilan ng posibleng pagpapakamatay nito. **GENE ADSUARA**



Nag-thumbs up sina Ka Benny Rodriguez (kaliwa) District 1 KABAKA Chairman at Mr. Gary Capulong KABAKA Vice Chairman na dumalo sa pabingo sa isang barangay sa Tondo, Manila. **FREDDIE M.MANALAC**

# CAVITE GFPS GOES ON A LEARNING VISIT TO LOS BAÑOS

**IN line with the goal of becoming a more gender-responsive province, the Technical Working Group of Cavite Gender and Development Focal Point System spearheaded a learning visit at the Gender and Development Office in the Municipality of Los Baños, Laguna on March 1, 2019.**

Municipal GAD Officer Karen Lagat-Mercado oriented the group on the Best Practices in GAD mainstreaming of Los Baños LGU with emphasis on the development of GAD Database. It is a manifestation of the municipality's strong commitment to the advocacy since it serves as basis for gender responsive planning, programming and policy formulation. There were 449 types of data needed in the database gathered from 14 barangays using results of the Community Based Monitoring System survey and data coming from various offices of the municipal government. It was narrowed down into several sectors such as social development, economic development, infrastructure and environment sector, institutional sector and gender mainstreaming for ease of identification and appreciation of end users.

Ms. Mercado also highlighted that the success of the LGU's GAD advocacy is mainly attributed to the commitment of the Local Chief Executive and the strong support of the legislative body which gave way to the passage of gender-responsive local policies, fiscal administration and governance, in general. Community involvement also contributed to successful implementation of the GAD programs.

Meanwhile, the Municipal Civil Registrar and ICMS Head, Mr. Glenn N. Arieta shared to the participants their milestone in creating the database which started with the issuance of Executive Order No. 59 series of 2016 directing the Organization of the Los Baños Information & Communication Management Services (ICMS). After series of meetings with other offices, agencies, the academe and with the combined effort of GAD Council thru the GAD Office and the ICMS Team, the Los Baños GAD Database was formally launched on August 8, 2018.

After the briefing, the delegation made a courtesy call to Municipal Mayor Caesar Perez who welcomed the team and shared some of his undertakings in local administration. He encouraged each participant to do his own share towards a successful government. "Ang pagbabagong hinahanap nyo ay magsisimula sa bawat isang mamamayan hindi lamang sa aming nanunungkulan," he added. He thanked everyone for coming with a hope that they have imparted new learnings to the group.



Municipal Councilor Josephine "Baby" Evangelista, Chairperson of the Committee on Women and Family and a prime mover in the GAD campaign was also present during the activity. **(PICAD)**




**DOH CALABARZON** Regional Director Eduardo C. Janairo outlines various directives from the Department of Health during the emergency meeting on measles outbreak response to health workers held at the New World Manila Bay Hotel in Malate, Manila. **BOY NAMORA**

# Pagpili ng bagong batch ng 'Kapatid Mentor Me', sinimulan na

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA) —** Nagsimula nang pumili ang Department of Trade and Industry o DTI Bulacan para sa susunod na batch ng Kapatid Mentor Me o KMME ngayong taon.

Tatlumpu't anim na micro, small and medium entrepreneurs (MSMEs) ang nagpresenta ng kani-kanilang mga produkto sa pag-asang mapabilang sa 20 na sasanayin.

Ayon kay DTI Provincial Director Zorina Aldana, layunin ng KMME ang pagpromote ng inclusive growth sa pamamagitan ng pagtutulungan ng pamahalaan at ng mga non-government institutions.

May 12 modules ang programa na nakapokus sa Entrepreneurial-mind Setting, Marketing, Business Operations, Financial Management, at Product Development.

Kasamang magtuturo sa mga MSMEs ang mga business experts, consultants at mga matagumpay na negosyante.

Ang KMME ay isang inisyatibong programa ng DTI katuwang ang Philippine Center for Entrepreneurship. **(CLJD/VFC-PIA 3)**

# Binata, bugbog sarado sa grupo ng mga binatilyo

**BUGBOG** sarado ang isang 21-anyos na lalaki nang kuyugin ng grupo ng mga kabataan na nag-trip lamang manggulpi sa General Mariano Alvarez, Cavite.

Hawak ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang suspek na si alias Lexl, 16 ng GMA, Cavite habang pinaghahanap pa ang pitong binatilyong kasamahan nito dahil sa reklamo ni Jan Wilhelm Fernandez, ng Block 8 Lot 8, Brgy. Memije, GMA.

Sa reklamo ni Fernandez kay Coporal Bobbie Balazo, ng GMA Municipal Police Station, naglalakad siya sa Brgy. Maderan, dakong ala-1:45 ng madaling araw nang biglang nilapitan ng 8 kabataan at pinagtulungang bugbugin.

Isang malakas na suntok ang dumapo sa kanyang mukha dahilan upang matumba ito at tumama ang ulo sa semento kaya isinugod siya sa ospital.

Rumesponde naman ang mga Bantya Bayan subalit tanging si Lexl lamang ang nasunggaban matapos na mabilis na nagtakbuhan ang mga kasamahan nito.

Ayon kay Balazo, wala namang kinaaniban na anumang grupo o fraternity ang mga suspek at napag-tripan lamang umano nila ang biktima. **GENE ADSUARA**

# DOST-MIMAROPA CHIEF IS TOMP AWARDEE

Dr. Ma. Josefina P. Abilay, S&T Director of MIMAROPA, was recently hailed as one of the Ten Outstanding Movers of the Philippines (TOMP) by the Students' Actions Vital to the Environment and Mother Earth (SAVE ME) Movement at the Kalayaan Hall, Malacañan Palace. Department of Environment and Natural Resources (DENR) Secretary Roy Cimatu personally bestowed the award to Dr. Abilay, who was cited for her notable contributions to the socioeconomic development of the region, particularly in the space of poverty alleviation, and disaster risk reduction and management and climate change adaptation. In her acceptance speech, she attributed the award to her equally passionate DOST-MIMAROPA team and stressed the role and significance of harnessing science and technology to sustainable development. "In my many years of service, I always instill in the community that the battle against poverty can be won with the help of science, technology, and innovation— that we must put science at the heart of development," said Dr. Abilay. TOMP, Champion of Life and Heroes of the Environment Award, seeks to inspire the prime movers from the different sectors of the society to proactively engage in the protection and preservation of the environment on personal and professional levels. The award recognizes the selfless and exemplary contribution of Filipinos in the pursuit of making the world a safe and meaningful place. **(Charlotte Pizarras)**

# Gaticales nanguna sa PECA executive chess tourney

HANEP SPORTS
EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com

**NANATILI pa rin kay MVP Olympics PLDT Team Manager Martin "Binky" Gaticales ang pangkahalatang liderato sa over-all grand prix standings (Challenger's division) matapos makakolekta ng 29 points sa 2nd leg ng Alphaland National Executive Grand Prix Active Chess Championships kamakailan.**

Nasa solo second place ay si engineer Angel Tambong Jr. na may 22 points habang nakabuntot naman si Atty. Rodrigo Aquino na may 21 points para sa third.

Ang mga nakapasok sa Top 10 ay sina 4. engineer Jay Arcenal (19 points), 5. Mr. Orlando Pascual (18 points), 6.Mr. Chris Cuntapay (17 points), 7. Laurence Wilfred "Larry" Dumadag (16 points), 8.Mr. Roman Espiso (15 points), 9. Mr. Roberto Manguiob (14 points) at 10. Mr. Arvin Olorvida (13 points).

Gaganapin ang 3rd leg sa Marso 16, dakong alasdiyes ng umaga sa Activity Hall, Second Floor Alphaland Makati Place sa Malugay Street, Makati City habang dadayp naman ang 4th leg sa Marso 31 sa Ayala Malls, Capitol Central, Gatuslao Street sa Bacolod City Negros Occidental mula sa initiative ni realtor Ernie Abanco at under ng guidance ni PECA Vice President for the Visayas NM Wilfredo Neri.

Inorganisa ng Philippine Executive Chess Association (PECA) under the leadership ni newly-installed president Dr. Jenny Mayor, ang 20-minutes plus 5 seconds increment time control format ay suportado ng Alphaland Makati Place at sanctioned ng National Chess Federation of the Philippines (NCFP). Ang two divisions competing ay:Open division (2000 & above rating) at Challenger's division (1999 and below rating).

Sa detalye ay makipagugnayan kina Atty. Cliburn Anthony Orbe 09188974410, Dr. Jenny Mayor 09351004755, Director Martin Gaticales 09998851432, Mr Joselito Cada 09499981949 , Dr Alfredo Paez 09212728172 NM Eng'r. Efren Bagamasbad 09157209145 Eric / Stella Abanco 09985149850, Leo Romitman 09177219094, Eng'r. Nestor Cena 09178745954 at NM Wilfredo Neri 09985346842. **(Marlon Bernardino)**




**3000 STEEPLECHASE -** NANGUNGUNA sa tagpong ito si # 501 ng Adamson University nakabuntot lamang sa kanya ang kapwa katunggali ng3000 meter steeplechase boys ng ginanap na Ayala Philippine Athletics Championships sa Ilagan, Sports Complex Isabela. **(RGN)**




**BATANG PINOY SHOT PUT -** BUONG lakas na bumanat ng pag pukol si Kate Martinez ng Bago City upang makamit ang gintong medalya ng Shot Put girls sa Batang Pinoy Visayas Leg Qualifying sa Jalandoni Memorial National High School Iloilo City. **(RGN)**




**PBA TNT VS NLEX -** DI na inabot ng depensa ni Kenneth Ighalo ng NLEX ang lakas loob na pag basket ni Don Trollano ng TNT KaTropa sa kainitan ng kanilang aksyon sa 2019 Philippine Cup sa Smart Araneta Coliseum. **RGN**

## Filipino Belsar Valencia nagpatuloy ang pananalasa sa pagsikwat ng titulo sa 2019 Edmonton Chess Championship

**IPINAMALAS** ang kanyang husay sa ibabaw ng 64 square board para maipagpatuloy ni Filipino Belsar Valencia ang kanyang pananalasa matapos makopo ang titulo sa katatapos na 2019 Edmonton Chess Championship nitong Marso 3 na ginanap sa Edmonton City, Alberta, Canada.

Si Valencia na tubong La Union ay giniba si Canadian Jeff Reeve, 1.5.0.5, sa finals, para makopo ang titulo ng Edmonton Chess Championship sa ika-3 pagkakataon. Nakamit niya ang tropeo na may undefeated record.

Naipanalo muna ni Valencia ang kanyang first game match kay Reeve matapos ang 77 moves ng King's Indian defense fianchetto variation kasunod ng pag draw sa second match matapos ang 41 moves ng Sicilian defense, Najdorf- Adams Attack variation.

Bago makapasok sa finals ay kinakailangan munang talunin ni Edmonton, Canada based Valencia ay sina Yash Darvekar, 2-0, sa Round-of-16, Aaron Sequillion, 1.5-0.5, sa quarter-finals at Peter Kalisvaart, 1.5-0.5, sa semifinals para makapuwersa ng titular showdown kay Reeve.

Ang isa pang Filipino Canada based na si Zulfikar Sali mula Zamboanga City ay nagbibigay din ng karangalan sa bansa. Nakamit na niya ang Canadian National Master title nitong nakaraang taon. Habang nakisalo siya sa 3rd (4.5/6 points) kasama sina International Master (IM) Raymond Kaufman at Davaa-Ochir Nyamdorj sa 2019 British Columbia Open Chess Championship na ginanap nitong Pebrero 16 hanggang 18 sa Executive Plaza Airport Hotel sa Richmond, Canada.

Nakopo naman nina Fide Masters (FMs) Grigory Morozov at Tanraj Sohal ang 1-2 position na may tig 5 points. **(Marlon Bernardino)**

# METRO MANILA, CAVITE AT RIZAL: BABAHAIN SA SUPPLY NG TUBIG?

**NORZAGARAY, Bulacan, — Tinatayang aabot sa 1.6million litro na supply ng tubig ang papasok ngayon kada araw sa buong Metro Manila, Cavite at lalawigan ng Rizal.**

Itoy makaraan matapos at pwede nang magamit ang pang-apat na higanteng transmission line na may habang 6.4 kilometro na makapagbomba ng 19 cubic meters per second mula sa Reservoir ng Angat Dam papuntang Ipo Reservoir na inilatag mula sa ilalim ng kabundukan ng Sierra Madre.

Ayon kay Susanne Sta Maria, MWSS Head Technical Assistant na ang lagusan ay padadaliin ng proyektong ito ang paghahatid ng suplay ng tubig mula Angat Dam na siyang nagsusuplay ng 95 porsyento ng tubig sa pangangailangan sa buong kalakhang Maynila, ilang bahagi ng Rizal at Cavite at paghahanda na rin sa kabuuang operasyon ng Bulacan Bulk Water Supply Project.

Ang naturang proyekto ay bahagi ng Angat Water Transmission Improvement Project na inilunsad ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS) noong 2016 na nagkakahalaga nang 123 milyong dolyar na pinahiram nang Asian Development Bank (ADB) sa MWSS para makapagbaon ng pang-apat na tunnel sa ilalim ng bahaging ito ng bulubundukin ng Sierra Madre.

Sa pagkukumpleto ng proyekto, kaya nitong makapagbomba ng 19 cubic meters per second na tubig na katumbas ng 1.6 milyong litro kada araw. Magiging alternatibong lagusan din ang pang-apat na tunnel kapag isinara ang tatlong lumang tunnel ng Angat Dam upang kumpunihin.

Ang Maynilad at Manila Water ay pawang mga pribadong konsesyonaryo ng MWSS, sa pamamagitan ng Ipo bilang transmission dam. **(Francis Soriano)**

# Portable Solar Dryer, inirerekomenda ng RDC 1

LAOAG CITY – Inire-rekomenda ng Ilocos Regional Development Council (RDC 1) ang Portable Solar (Portasol) Dryer na gawang Pinoy para sa mga magsasaka at kaugnay nilang mga negosiyante bilang tugon sa kanilang problema sa pagtutuyo ng kanilang ani at nabiling palay.

Inire-rekomenda din ito ng RDC 1 sa iba pang ahensiya ng pamahalaan o pribado man bilang tugon sa mga banta ng disgrasya at malawakang perhuwesyong trapik na dulot ng malawakang pagbibilad ng palay sa mga sementadong lansangan sa maraming lalawigan at rehiyon.

Sa isang resolusyon, sinabi ni RDC 1 vice chair Nestor Rillon na siya ring regional director ng National Economic Development Authority (NEDA) sa Ilocos, na ang rekomendasyon nila ay batay sa matamang pagsusuri ng Portasol at pahayag ng mga Ilokanong magsasaka at iba pa mula sa ibang rehiyon na tunay itong mabisa sa pagtutuyo, hindi lamang ng palay kundi iba pang ani gaya ng mais, tabako at pati na isda.

Ipinahayag ni Rillon na sadyang kailangang tugunan ang kakulangan sa 'post-harvest facilities' ng bansa na siyang dahilan kung bakit napipilitang pagbilaran ng palay ang mga lansangan na nagbibigay ng matinding panganib sa buhay ng mga nagbibilad at mga motorista, bukod sa malaking katumbas na halaga ng mga nasasayang na butil na umaabot sa bilyon-bilyong piso.



Pinuna ni Rillion na makatapos ang maraming dekada, walang solusyong nagawa sa naturang problema. "Tunay na tugon itong Portasol sa suliraning ito at sa kailangan ng ating bansa," pahayag niya.

Ang Portasol ay imbensiyong Pinoy. Likha ito ni Francisco "Popoy" Pagayon, pangulo ng Filipino Inventors Society (FIS) at FIS Producers Cooperative (FISPC). Ayon sa kanya nilikha ito upang tugunan ang kakulangan sa bilarang palay at iba pang ani sa bansa, at sa nakakabahalang pagbibilad sa mga lansangan na ang iba ay hinaharangan pa ang daan upang huwag masagasaan ang kanilang ibinibilad na nagbibigay ng panganib sa kanila at nagbubunga ng malaking perhuwisyo sa mga motorista.

Pinuna ni Pagayon na bagama't ipinagbabawal na ng DPWH ang pagbibilad ng palay sa mga lansangan, tila hindi ito pinapansin ng mga tao dahil sa kakulangan ng akmang mga bilaran. Iminungkahi din niya na baka dapat pagmultahin ang mga nagbibilad batay sa dami ng metro kuwadrado ng karsada na ilegal nilang ginagamit. (Win Bataller)



NAGSAGAWA ng pagpa-injection ng mga hayop tulad ng pusa at aso (Anti -Rabies Vaccination) na isang proyekto ni Barangay Captain Jun Saide kasama sina Kagawad Wilmer Agnas, Kgd. Boy Gabriel, at Sec. Boyet Rivera, na ginanap sa harapan ng barangay hall sa Baclaran, Paranaque City. (JIMMY HAO)

# CALABARZON NURSES, RADTECHS GETS ECG TRAINING

DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) in partnership with the Philippine Heart Center, concluded two batches of ECG (Electrocardiogram) Trainings for nurses and radiologic technicians of selected municipalities and cities of the region held at Ciudad Christhia 9 Waves Resort in San Mateo Rizal October from February 18-22, 2019.

"This ECG Interpretation Course will give our health workers working in the rural areas the competency and the knowledge of interpreting and analyzing electrocardiogram strips that will provide early recognition of abnormal rhythms which will result in an appropriate medical intervention and timely transfer of patient to a tertiary hospital without delay," Regional Director Eduardo C. Janairo stated.

The training was given to selected health facilities in the provinces who received the ECG machines with analyzer from the DOH under the Health Facility Enhancement Program (HFEP) namely Cavite with twenty-seven ECG Machines with analyzer; Laguna with four ECG machines with analyzer; Batangas with five ECG machines with analyzer; and Quezon with one ECG machine with analyzer.

"With these skills our health workers in the region can now utilized these machines and provide ECG tests to patients in the community and need not go to a distant hospital just to have their tests," he said.

Janairo also pointed out that the regional office will also provide significant trainings to heath workers to develop their competencies and maximize their potentials and expertise in the use of other modern health devices such as operating a digital x-ray machine and a portable ultrasound.

The electrocardiogram (ECG or EKG) is a diagnostic tool used to assess the electrical and muscular functions of the heart. The electrodes that were place on the chest walls detect electrical impulses that are generated by the heart. These are interpreted by a physician who can learn the heart rate and rhythm as well as blood flow to the ventricles

Currently, a total of 38 doctors, 28 nurses, and 12 radiologic technicians were trained in ECG deployed in various health facilities in CALABARZON. BOY NAMORA

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



# OUTSTANDING FAVORITE, NABIGO!

Marami ang nanlumo sa pagkabigo ng outstanding favorite na si Forest Cover na ayon sa mga karerista na nakapanood ay tila nasagad ang kanyang ayre nung hinete niyang si Oneal Cortez na lumundag sa unang tatlong kuwartos ng 07.5, 22.0 at 22.5 kaya pagdating sa rektahan ay umikli na lamang ang mga hakbang at nakasilat nga ang malayong tersera liyamado na si Melody Amor ni Deo Fernandez na tumapos na lamang ng bente siyete sa kanilang huling kuwartos.

Nakagradweyt naman sa kanyang maiden assignment ang kalahok na si Northern Fame na nirendahan ni apprentice rider R.S Calubiran, sa gaan ng timbang na 48 kilograms ay diniskartehan na inuna si kabayo kung kaya't nahirapan na mapantayan sila sa bandera.

Ang sumegundang si Mount Apo ni Deo Fernandez ay nakaranas naman ng salto sa alisan mula sa kanyang nakatabi sa kaliwa't kanan na posisyon at nang makalusot ay siya namang pumasok paloob ang isa pa nilang nakalaban na si All For Gee kaya muli na namang umawat at nag menor si Deo sa ibabaw.

Muling naipit sa may tabing balya si Mount Apo, kaya nakaporma na nga iyong nasa harapan na si Northern Fame hanggang sa makarating sa meta.

Malakas na tumersera ang dehadong si Get Into Grips na mukang may ipapakita na sa susunod na pagtakbo.

Samantala nakuha sa tiyaga ni Yson Bautista ang sinakyan niyang si Gonzee's Song upang lagpasan ang nauunang si Show Off mga ilang metro bago dumating sa meta.

Malapit na tumersera si Providence na sa aking tingin ay maaaring makapagtala ng panalo kung naging 1,300 meters lang ang distansiya kaya tiyak na aabangan ang kabayong si Providence sa susunod na pagsali niya.





# PROUD SI ARCI MUÑOZ

**SADYANG abut-abot ang pasasalamat ni Arci Munoz dahil personal niyang nakaharap ang pangulo ng Sri Lanka na si Maithripala Sirisena.**

Ang singer/actress ay napasyal sa naturang Asian country na ang pakay ay upang makita ang ilang scenic spots doon.

Doon naranasan ni Arci ang napakagandang pagkakataon kaugnay sa hospitality ng 67-year-old Sri Lankan president.

Si Arci o Ramona Cecilia sa tunay na buhay ay hindi naman nagpahayag kung work related ba at kaya nasa Sri Lanka siya.

Well, hindi na mahalaga iyon dahil talagang proud ka dapat Arci dahil presidente ng isang bansa ang iyong nakadaupang palad.

Ang Sri Lankan president kung inyong natatandaan ay bumisita na rin sa Pilipinas last January.

Sa pagdalaw sa ating bansa ay nagkaroon sila ng bilateral meeting ni Pangulong Rodrigo Duterte.



@@@

**INATAKE NG ASO**

Medyo hirap din ang naranasan ni Antoinette Taus sa pagkakatamo ng multiple injuries sa bisig, hita at dibdib.

Gawa ito ng isang aso na umatake sa actress/host habang siya ay nasa Baguio City.

Umabot sa two-hour surgery ang aktres habang pinapalitan ito ng bandages sa isang pagamutan.

Isang chow chow breed dog ang sumalakay sa aktres habang nasa isang family wedding.

Pasalamat na lang ang aktres dahil walang permanenteng damage ang mga sugat niya gayundin ay walang arteries o nerves na nasira.

Sinusulat ito ay nanatili sa pag-recover ng kanyang mga sugat ang aktres.

Hindi naman niya nakalimutan magpasalamat sa mga doctor at nurse na nag-alaga sa kanya sa ospital.

## HANEP SHOWBIZ

@@@

**KAYA PANG MAGMANEHO KAHIT MOTORSIKLO**

Heto pa ang isang aksidente, hindi naman sa aso bagkus ay sa motorsiklo.

Sangkot naman dito ang aktor na si Paulo Avelino pero kanyang nilinaw na kaya pa rin niyang magmaneho.

Nakahanda naman ang aktor na sumailalim sa kinakailangang therapy.

Alam ni Paulo ang mararamdamang kirot dulot ng pagka-dislocate ng kanyang buto sa kanang balikat pero kailangang gawin niya ang nasabing terapiya.

As of now ay hindi pa tukoy kung kailan naaksidente ang aktor at anong event ang sinalihan niya na sinasabing nag-crash ang kanyang minamanehong big bike.

Kaya mo 'yan Paulo.



# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 107 labas)**

**"PAGTATALUNAN** pa ba uli natin 'yan ha Kardo? Napag-usapan na natin ang tungkol d'yan."

Muling nangangatwiran si Kardo at inuulit ang mga dahilan kaya mas nais niyang vice mayor na lang muna ang kanyang tatakbuhin.

Gayunman ay sarado na ang isip ni Lyka dahil para sa kanya ay kailangang mayor ang tatakbuhin ni Kardo.

Hirap na hirap si Kardo na paliwanagan si Lyka, ayaw talagang padaig ng babae.

"Kung pakikinggan mo ako, kung paniniwalaan at kung susundin ay tiyak na magiging vice mayor ka."

Nag-uusap sina Lyka at Kardo subalit paulit-ulit na bumabalik sa lalaki ang mga sinasabi ng kanyang misis.

"Tandaan mo Kardo, asawa mo ako kaya alam at nararamdaman ko ang mas makakabuti para sa 'yo."

Parang muling napapakinggan ni Kardo ang mga sinasabi sa kanya ni Inday.

Sa kabila na medyo hindi pa sila nagkakaintindihan ni Lyka sa pag-usap ay si Inday ang nasa utak ni Kardo.

"Tandaan mo Kardo, kung mangyayari na matatalo ka bilang mayor sa eleksiyon ay bibigyan na kita ng kalayaan."

"Alam mo ba na kaya ko ito nasasabi at ganun kalakas ang loob kong sabihin ito ay dahil sobrang naniniwala akong magiging mayor ka Kardo."

Kaya naman ang iba pang mga ipinapaliwanag at sinasabi ni Lyka ay hindi na naiintindihan pa ni Kardo.

Alam ni Kardo na nagsasalita pa rin si Lyka at naririnig ito subalit hindi na niya halos naiintindihan pa.

Misis niya si Inday at kapag hindi nito sinunod ang gusto ng kabiyak ay malinaw na mas matimbang sa kanya si Lyka.

Pagpapakita at pagpapatunay na higit na pinaniniwalaan ni Kardo si Lyka kumpara sa kanyang asawang si Inday.

"Panalo ka na…Panalo ka na…Oo…panalo ka na."

**(Itutuloy)**

# MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-106 labas)**

**"MASAYANG**-masaya ako, walang pagsidlan ang aking kasiyahan."

"Sa dami ng lalaki ay ikaw ang ipinagkaloob sa akin ng Panginoong Diyos."

"Napakabuti mo at dahil may takot at pagsunod ka sa Diyos ay taglay mo ang busilak na puso."

Mabilis na lumakad ang panahon at si Dagul ay nakapag-asawa na rin.

"Nalilito ako ah, lola na tita pa."

Ang magkakapatid ay may kanya-kanya ng sariling pamilya at mayroon na rin silang mga anak.

Unang nag-asawa ang bunsong si Jerome na sinundan naman ni Bert at si Dagul na siya pang panganay ang huli.

"Lola Tita…Lola Tita…"

Ang mga anak ng tatlong magkakapatid ay kasa-kasama ni Aling Tita.

Nasunod at natupad ang nais ni Aling Tita na sama-sama pa rin sila kahit may mga pamilya na ang magkakapatid.

Ipinaayos kasi ni Aling Tita ang tinitirhan na mistulang ipinamana sa tatlong magkakapatid na hinati-hati ang lupa na pinagtirikan ng bahay.

Hindi man kalakihan ang tinitirhan ng magkakapatid at mga pamilya nila sa compound ni Aling Tita ay napakasaya nila.

Mayroon din solong tinitirhan si Aling Tita sa compound at doon ay madalas ang magpipinsan o ang mga anak nina Jerome, Bert at Dagul.

Noong ginagawa ang bahay ay hindi na gaanong nag-usisa ang magkakapatid lalo na si Dagul kung saan nanggaling ang pera ni Aling Tita sa pagpapagawa.

Mismong si Aling Tita na rin kasi ang nakiusap kay Dagul na huwag ng ungkatin pa ang nangyari noon.

Pangyayaring kinasangkutan mismo ng pamangkin ni Aling Tita na si Caloy.

Ang hangad lamang ni Aling Tita ay ipabatid sa magkakapatid ang katagang pagpapatawad.

Sa kabila ng mabigat na pagkakasala ni Caloy ay napatawad ni Aling Tita ang pamangkin.

Dapat nga sana ay si Caloy ang kasama ni Aling Tita subalit mas pinili ang tatlong magkakapatid sa kabila na hindi niya kadugo ang mga ito.

Nagpapasalamat si Aling Tita dahil nakatagpo si Dagul ng karapat-dapat na babae.

"Tao po…tao po…'Andyan po ba si 'atorni?"

**(Tatapusin)**

# PANIBAGONG PRESO, DEDO SA KULUNGAN NG 'DASMA

HINDI pa man naililibing ang huling naitalang namatay na preso, nasundan na naman nang isa pang preso ang namatay nang nahirapan sa paghinga habang nakakulong sa Dasmarinas City Custodial Center, ang pang-14 sa mga naitatala.

Sa ulat ni Police Staff Sergeant Rolando Paulo Figueroa, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-8:22 ng gabi nang ideklarang patay habang ginagamot sa Pagamutan ng Dasmarinas City si Reggie Miasis Real, 48, at ng Blk 5 Lot 1 Hauskon Homes, Brgy. Burol Main, Dasmariñas City, dahil nahihirapan itong huminga habang nakakulong sa naturang kulungan.

Naaresto at nakulong si Real noong January 17 ng kasalukuyang taon sa Brgy. Burol dahil sa kasong paglabag sa RA 9165.

Nito lamang Martes ng hapon ay namatay habang nakulong sa nasabi rin Custodial Center si Arnel Lorzano, 24, na may kasong paglabag sa Alarm ang Scandal habang noon namang Linggo ay namatay din si Constantino Padua, 52, na nakulong noong February 11, 2019 dahil sa kasong paglabag sa RA 9165.

Matatandaan na noong nakaraang taon, nakapagtala ang Dasmarinas City Custodial Center ng may pinakamaraming bilang na namatay na preso habang nakakulong kung saan napaulat na dahil sa init at siksikan ng mga preso.

Si Real ang pang-14 sa naitalang namatay na preso mula Enero kung saan 7 dito ay mula sa Dasmarinas City Custodial Center, 4 din sa Bacoor City Custodial Center, 1 sa Imus City Jail at 1 sa BJMP Custodial Center sa Silang, Cavite. GENE ADSUARA

# SC affirms real estate tax exemption for MWSS

MANILA — The Supreme Court (SC) stopped the Quezon City government from auctioning off the properties of the Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS) to settle unpaid taxes in excess of PHP237 million.

In a 25-page decision penned by Associate Justice Marvic Leonen, the SC's Third Division granted the suit filed by MWSS seeking the reversal of the October 19, 2010 decision of the Court of Appeals which held that it was liable to pay real property taxes despite being an instrumentality of the government.

Associate Justices Diosdado Peralta and Ramon Paul Hernando concurred. Two other members of the Third Division — Associate Justices Alexander Gesmundo and Jose Reyes Jr. — did not vote on the issue as they were on wellness leave.

The CA held that MWSS was not performing a purely governmental function, thus, it cannot invoke immunity from real property taxation. It further held that the taxed properties of MWSS were not part of the public dominion, but were even made the subject of concession agreements between MWSS and private concessionaires dues to its privatization in 1997.

The appellate court concluded that since the properties were held by MWSS in the exercise of its proprietary functions, they were subject still subject to real property tax.

The SC said it recognizes acts of the executive and legislative branches which declared MWSS not as a government-owned and controlled corporation but as a government instrumentality with corporate powers.

The High Court noted that in the precedent case of Manila International Airport Authority (MIAA) vs. Paranaque City government case in 2006, when then President Gloria Macapagal-Arroyo issued Executive Order 596 which recognized the Court's categorization of government instrumentalities vested with corporate with powers.

Under this provision, MWSS is categorized with other government agencies that that were found to be exempt from payment of real property taxes.

Congress passed Republic Act 10149 or the GOCC Governance Act of 2011, which adopted the same categorization and lists MWSS with the other government agencies that were previously held by the Court to be exempt from payment of real property taxes.

Therefore, the Court said MWSS is not liable to pay real property taxes to Quezon City government, except if the beneficial use of its properties has been extended to a taxable person.

"The real properties of the Metropolitan and Sewerage System located in Quezon City are declared exempt from the real estate tax imposed by the local government of Quezon City," the Court said.

"All the real estate tax assessments, including the final notices of real estate tax delinquencies, issued by the local government of Quezon City on the real properties of the Metropolitan Waterworks and Sewerage System located in Quezon City are declared void, except for the portions that are alleged and proven to have been leased to private properties," it added.

MWSS has jurisdiction, supervision and control over all waterworks and sewerage systems within Metropolitan Manila, the entire province of Rizal and a portion of the province of Cavite. It holds office at MWSS Compound, Katipunan Road, Balara, Quezon City.

The properties of MWSS, including its pipelines, reservoirs and aqueducts were supposed to be auctioned off by the Quezon City government on September 27, 2007 but did not after the CA issued a temporary restraining order.

"The temporary restraining orders issued by this Court on January 26, 2011 and September 7, 2011, are made permanent," the SC said.*(PNA)*

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-
**FORECLOSURE CASE NO. F-332-18**

**CRISTINA ALMADEN ESPENA**
**married to ALEJANDRO C. ESPENA,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s **CRISTINA ALMADEN ESPENA married to ALEJANDRO C. ESPENA**, with residence and postal address at #552 J M Villanueva St., Bagong Bayan Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 3, 2018 amounts to **FIVE HUNDRED FORTY SIX THOUSAND EIGHTY SEVEN PESOS AND 55/100 (P 546,087.55)**, Philippines Currency including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **June 4, 2019** at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-744633**

"A parcel of land (Lot 6, Blk.15, of the cons., subd. plan, Psd-04-086693, being a portion of Lot 2585 of San Francisco de Malabon Estate, Rs-04-002189, L.R.C. Record No. ), situated in the Barangay Santiago, Mun. of Gen. Trias, Prov. of Cavite. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 4; on the NE., along line 2-3 by Lot 5; on the SE., along line 3-4 by Lot 8; all Blk.15; & on the SW., along line 4-1 by Alley 28, all of the subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan**. x x x containing an area of THIRTY SIX (36) SQUARE METERS x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **June 11, 2019** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, **March 4, 2019**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**CRISTINA and ALEJANDRO C. ESPENA**
#552 J M Villanueva St., Bagong Bayan, Imus, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

**Publication: HANEP** March 11, 18 and 25, 2019

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-
**FORECLOSURE CASE NO. F-333-18**

**RUFO MAXIMO A. ESTANISLAO JR,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s **RUFO MAXIMO A. ESTANISLAO JR.**, with residence and postal address at Arescom, Camp Diego De Dios, Tanza, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 3, 2018 amounts to **SEVEN HUNDRED EIGHTY ONE THOUSAND NINE HUNDRED TWENTY FOUR PESOS AND 37/100 (P 781,924.37)**, Philippines Currency including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **June 4, 2019** at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-90317**

"A parcel of land (Lot 40, Blk.14, of the cons./subd. plan, Psd-04-016742, being a portion of the cons. of Lots 3988 & 3990, Fls-2654, Sta. Cruz de Malabon Estate & Lot 3991-A, Psd-042122-060311, L.R.C. Record No. ), situated in the Barangay of Inocencio, City of Trece Martires, Cavite, Island of Luzon. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 38, Blk. 14; on the NE., along line 2-3 by Road Lot 12; on the SE., along line 3-4 by Lot 42; on the SW., along line 4-5 by Lot 41; along lines 5-1 by Lot 39,, all of Blk. 14, all of the cons./subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan**. x x x containing an area of ONE HUNDRED TEN (110) SQUARE METERS x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **June 11, 2019** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, **March 4, 2019**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

**RUFO MAXIMO A. ESTANISLAO JR.**
Arescom, Camp Diego De Dios, Tanza, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

**Publication: HANEP** March 11, 18 and 25, 2019

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

# DOH CALABARZON CONDUCTS THE FIRST BASIC WHEELCHAIR TRAINING PACKAGE TO SERVICE PROVIDERS AND PWDs

**TO further develop the skills and knowledge of personnel involved in wheelchair service delivery in the region, DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) in partnership with the Philippine Society of Wheelchair Professionals, Inc. - UP Manila conducted the First Wheelchair Service Training Package: Basic Level for service providers and Persons with Disabilities (PWDs) from February 19 – 22, 2019 at the Ciudad Christhia Resort 9 Waves in San Mateo, Rizal.**

"The objective of this training is for service providers to be aware of the proper use and maintenance of wheelchairs and to provide effective procedures to ensure mobility of persons with disabilities (PWDs) without assistance from anyone," Regional Director Eduardo C. Janairo stated.

"It is very important that wheelchairs are tailored to the personal needs of a user to ensure effective personal mobility. It must be safe and properly fitted because it becomes an extension of their body," he emphasized.

A wheelchair is the most commonly used assistive device to enable mobility for persons who have difficulty in walking. The device is an essential tool which allows them to go from one place to another, provide opportunities like work, study and enjoy cultural activities and access services like health care. Acquiring wheelchair skills increase the autonomy and self-esteem of disabled persons who learn how to use them properly.

According to Ms. Paulina A. Calo, Nurse V and PWD Regional Coordinator, the training package will help to increase the knowledge and skills of wheelchair users and service providers on the proper use and maintenance including how to stay fit and healthy in a wheelchair; increase the number of service personnel trained in basic level wheelchair service delivery; improve the competencies of wheelchair service delivery; and achieve greater integration of wheelchair service delivery within rehabilitation services.

The World Health Organization developed the Wheelchair Training Service Package: Basic Level following the release of the 2008 Guidelines on the Provision of Manual Wheelchairs in less resource settings. It is estimated that about 70 million people worldwide requires wheelchairs but only 5-15% have access. Most of these have acquired them through donations which are frequently of poor quality and not suitable either for the users or their environment.

The first batch of trainees was attended by 23 personnel from the province of Laguna including 17 PWDs and federation officers from various societies.




Dr Ferdiliza Dandah S. Garcia (center), President of the Philippine Society of Wheelchair Professionals, Inc. based in UP-Manila shows the various parts of a wheelchair and their adjustments to participants of the four-day training course on Wheelchair Service Training Package: Basic Level held at the Ciudad Christhia Resort 9 Waves in San Mateo, Rizal from February 19 – 22, 2019. BOY NAMORA

# Duterte names new SC Associate Justice

MANILA — President Rodrigo R. Duterte has named Court of Appeals (CA) Justice Amy Lazaro-Javier as the newest Supreme Court (SC) Associate Justice, Malacañang said on Wednesday.

Presidential Spokesperson Salvador Panelo welcomed the appointment of Javier, who was appointed to the CA as one of its associate justices in 2007.

"Associate Justice Javier is a welcome addition to the High Court with her vast legal experience in the government which spans for more than three decades," Panelo said in a statement.

"We are confident that Associate Justice Javier, as a new guardian of the rule of law, would display a high degree of competence, integrity and independence during her stint at the Supreme Court," he added.

He said a copy of Javier's appointment paper would be furnished to the media once it becomes available.

Javier is a magna cum laude education graduate of the Philippine Normal University (PNU). She obtained her law degree at the University of Santo Tomas (UST).

She began her career in public service as a trial attorney in the Office of the Solicitor General (OSG) in 1983 and later became Assistant Solicitor-General thereat in 1994. *(PNA)*

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**EAST WEST BANKING CORPORATION**
Mortgagee/Assignee,

-versus-

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C.CASE NO. 16379-18**

**LIZA MAE A. MALIXI,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**AMENDED NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **EAST WEST BANKING CORPORATION**, Mortgagee/Assignee, with principal place of business at The Beaufort 5th Ave., cor 23rd St. Bonifacio Global City, Taguig City against **LIZA MAE A. MALIXI,** mortgagor with residence and postal address at Lot 10, Blk.6, Rd Lot 8, Treelane 2, Ph 2-B Bayan Luma 3, Imus, Cavite and/or 418 B Francisco St., Brgy. New Zaniga, Mandaluyong City to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 30, 2018 amounts to **ONE MILLION FOUR HUNDRED EIGHT THOUSAND FOUR HUNDRED NINETY ONE PESOS & 75/100 (Php 1,408,491.75)**, Philippine Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the, undersigned will sell at public auction on **April 2, 2019** at 10 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for **CASH** and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2016020450**

"A parcel of land (Lot 10, Blk.6 of the subd. plan, Psd-04-130632, being a portion of the cons. of Lot 1325, Imus Estate Rs-04-001050 L R C Rec. No.), situated in the Brgy. of Bayan Luma, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Bounded on the N., along line 1-2 by Lot 8, Blk.6, on the NE., along line 2-3-4 by Rd. Lot 8., on the SW., along line 4-5 by Rd Lot 6; on the NW., along line 5-1 by Lot 9, Blk.6, all of the cons. subd. plan x x x containing an area of **ONE HUNDRED THIRTY NINE (139) SQUARE METERS**" **x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **April 10, 2019** at 10 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines,February 21**,** 2019

**EMMANUELLE H. FRANCISCO**
Sheriff IV

APPROVED: (Sgd) **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI & Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**EAST WEST BANKING CORPORATION**
The Beaufort, 5th Ave cor 23rd St.,
Bonifacio Global City
Taguig City

**LIZA MAE A. MALIXI**
Lot 10, Blk.6, Rd Lot 8, Treelane 2,
Ph 2-B Bayan Luma 3, Imus, Cavite and/or
418 B Francisco St., Brgy New Zaniga, Mandaluyong City

**Publication: HANEP** March 4, 11 and 18, 2019

# CAR WASH GIRL NAPERDER SA DROGA

**BUKOD sa pagiging car wash attendant, nagsasideline din sa pagbebenta ng shabu ang isang 21-anyos na dalaga matapos na naaresto sa isang buy bust operation sa Kawit, Cavite.**

Nakakulong sa Imus Custodial Center ang suspek na si Maria Isabel Gumba, ng Brgy Wakas I, Kawit.

Sa ulat ni Patrolman Troadio Balitaosan, Jr., ng Kawit Municipal Police Station, isang tip ang natanggap ng kanilang tanggapan hinggil sa umano'y pagbebenta ng suspek ng illegal na doga dahil umano sa ginagawang “bulong” nito sa mga nagpapa-car wash sa kanya dahilan upang ikinasa ang buy bust operation.

Isang poseur buyer ang nagpanggap na bibili dakong alas-3:30 ng hapon sa Brgy Wakas I kung saan naganap ang transaksiyon na nagresulta sa pagkakaaresto ng suspek.

Bukod sa 1 sachet ng shabu na kanyang ibinenta, narekober din sa kanyang posesyon ang 2 sachet ng shabu.

Kasong paglabag sa Sec. 5 in Relation to Sec. 26 at Sec 11 ng Art. II ng RA 9165 ang isinampa laban sa suspek. **GENE ADSUARA**

# Nangotong ng guro, arestado

**ARESTADO** ng pinagsanib na puwersa ng Cavite police at National Bureau of Investigation (NBI)- Cybercrime unit ang isang 31-anyos na lalaki habang nasa aktong wini-withdraw nito ang halagang P1,500 sa isang Padala Center matapos kotongan ang isang teacher sa Mendez, Cavite.

Nakakulong sa Mendez Cusodial Center ang suspek na si Aaron Perey, may-asawa, ng Bgry Galicia 2, Mendez, dahil sa reklamo ni Lovely, isang guro ng Batangas City.

Sa ulat ni Corporal Gilbert Opulencia, ng Mendez Municipal Police Station, dakong alas-4:36 ng hapon nang ikinasa ang entrapment operation ng pinagsanib na puwersa ng Cavite Police at NBI-Cybercrime Unit laban sa suspek habang nasa aktong winiwithdraw nito ang halagang P1,500 sa isang Smart Padala Center sa Brgy Galicia 2, Mendez.

Nabatid na ang naturang halaga ay ipinadala sa kanya ni Lovely matapos manghingi ang suspek kapalit ng hindi nito pagpopost ng mga hubad na larawan ng biktima sa Facebook at Messenger.

Pumayag ang biktima na padalhan ang suspek pero lingid sa kaalaman ng huli ay nagsumbong ang una sa NBI-Cybecrime unit kung saan naaresto ang suspek.

Ayon kay Opulencia, sinabi ng suspek na may-relasyon umano sila ng biktima.

Kasong paglabag sa Robery Extortion in Relation to RA 9995 ang isinampa laban sa suspek. **GENE ADSUARA**

# Suspek sa brutal na pagpatay sa saleslady, tukoy na

**TUKOY** na ng Cavite police at sinampahan na ng kasong murder ang suspek sa pagpatay sa 38-anyos na saleslady na tadtad ng saksak at natagpuang patay sa loob ng kanyang bahay sa Bacoor City, Cavite noong gabi ng March 2.

Ayon kay SPO2 Feliciano Garcia II, ng Bacoor City Police at may hawak ng kaso, murder ang isinampang kaso laban sa live-in partner ng biktimang si May Bulquerin, 38, ng 13 Unit P 2nd floor, Flores Apartment, Agustin Drive, Sta Lucia Village, Panapaan 6, Bacoor City.

Poot at galit at matinding selos ang nakitang dahilan kung bakit pinagsasaksak ng suspek ang kanyang 3-taon na live in partner matapos na nalaman niyang may 2 pa umanong karelasyon ang biktima.

Dahil dito, nagtungo ang suspek sa bahay ng biktima noong gabi ng March 2 kung saan isinagawa ang krimen.

Nakita rin sa CCTV ng barangay ang paglabas ng suspek sa pagitan ng 10:00 at 10:43 ng gabi kung saan suot nito ang isang kulay puting jacket na may hood.

Tumugma rin sa salaysay ng tricyle driver na pinara siya ng suspek para sumakay subalit tinanggihan umano nito dahil sa may iba siyang pasahero.

Napansin din ng nasabing driver na may dugo sa kanang bahagi ng suot na jacket ng biktima at kilala rin nito ang suspek dahil sumakay na rin ito sa kanya at nagpahatid sa lugar.

Umayon din sa sirkumastansiya ang ilang litrato na nakita sa Facebook ng biktima na naka- post ang dalawang lalaki na pinaniniwalang ka-relasyon ito ng napatay na saleslady.

Bukas pa rin ang linya ng nawawalang celllphone ng biktima kung saan natrace ito sa Calamba City na posibleng hawak ng suspek.

Ayon kay Garcia, hinihintay na lamang na lumabas ang warrant of arrest laban sa suspek bago ito magsasagawa ng man-haunt operation laban sa suspek.

Matatandaan na natagpuang patay at tadtad ng saksak si Bulquerin dakong alas-10:00 noong March 2 ng gabi ng kanyang anak na si John Albert Bulquerin, 19 sa loob ng kanilang bahay matapos na napunang sarado at patay ang ilaw sa loob ng kanilang bahay.

Pandamantala ay hindi pa ibinunyag ang pangalan o pagkakakilanlan ng suspek. **GENE ADSUARA**

# 7 parak na sabit sa KFR, nasa kustodiya na ng pulisya

**IKUKUSTODIYA** na ng Silang Municipal Police Station ang pitong Las Pinas City Police na nasangkot sa kidnapping for Ransom matapos na lumabas ang warrant of arrest laban sa kanila.

Kinilala ang mga suspek na sina Joel Lupig, Jr, 35; Vener Gunalao, 34; Jeffrey de Leon, 28; Mark Jefferson Fulgencio, 31; Raymart GomeZ, 28 Eickson Rivera, 34 at Jayson Arellano , 31, pawang miembro ng Special Drug Enforcement Unit (SDEU) na dating nakatalaga sa Las Pinas City Police Station.

Isinilbi ang warrant of arrest na insiyu ni Hon. Jose Lorenzo dela Rosa, Acting Presiding Judge RTC Branch 34, Tagaytay City laban sa pitong pulis na pawang nakatalaga sa Camp Bagong Diwa, Bicutan, Taguig, City ng pinagsanib na puwersa ng National Capital Regional Office (NCRPO) at Silang Municipal Police Station sa kasong Kidnapping for Ransom .

Paliwanang ni Police Senior Master Sergent Eric Amboguio, ng Silang Municipal Police Station, ang nasabing mga pulis ay sinundo mula sa Camp Bagong Diwa at ikukustodiya ng Silang MPS kung saan ang complainant at lugar ng insidente ay naganap sa Silang, Cavite. **GENE ADSUARA**

# Mga obrero, tiklo sa PNPA

**TINANGKANG** ipuslit ang tinatayang P20,000 halaga ng construction materials sa isang ginagawang gusali sa loob ng Philippine National Police Academy (PNPA) sa Silang, Cavite.

Nakakulong sa Silang Custodial Center ang mga naarestong suspek na sina Jonatahn Gumnad, 29, ng Brgy Sta. Ana, Taytay, Rizal; Ronald Tinio , 22, ng 179 Upper Banlat, Tandang Sora, Quezon City; Richard Osia, 31 ng Brgy Borlongan, Dipakulaw, Aurora; Jing Valencia, 25, ng Brgy Callos, Peñaranda, Nueva Ecija; Jerico Ayo, 27 ng Brgy Pambuan, Gapan, Nueva Ecija; at Michael Pulmones, 41, ng Brgy San Lorenzo, Gapan City, Nueva Ecija, pawang construction workers.

Sa ulat ni SSgt Aries Mendoza, ng Silang Municipal Police Station, dakong alas-4:00 ng madaling araw nang arestuhin ang mga suspek sa gate ng PNPA sa Camp Castanea , Brgy Tartaria, Silang kung saan lulan ang mga suspek sa isang Mitsubishi Canter ng may plakang AWA 3321.

Napansin ng mga nagbabantay na mga security guards na may lamang consruction materials ang nasabing sasakyan kaya itinawag nila kay SPO4 Angelo Astrero, naka-duty na SDO kung saan nalaman na ang mga nasabing construction material na tinatayang P20,000 ang halaga ay ninakaw sa ginagawang gusali sa loob ng akademiya. **GENE ADSUARA**

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

**KALIBRE**

**ROMY SANTOS**

0977-7844136



## Maligayang Pagtatapos

**MAAARI** pa rin palang maimbatahan ng mga pampublikong paaralan ang mga pulitiko para sa mga completion o graduation ceremonies.

Pero ang mahigpit na bilin ng Department of Education ay dapat makatiyak na hindi magagamit sa pamumulitika ang pagdalo sa naturang seremonya.

Mayroon kasing ipinatutupad na patakaran ang DepEd para sa mga pulitikong mabibigyan ng pagkakataon na makapagsalita sa isang tagpo ng pagtatapos.

Heto po ang malinaw na guidelines ng kagawaran na nagsasabing tanging ang mga local chief executives lamang ang puwedeng maimbitahan sa nasabing okasyon.

Puwede ang alkalde, gobernador at kongresista basta nasasakupan nila ang paaralan.

Ibig sabihin, kapag hindi nila sakop ang paaralan ay hindi sila maaaring dumalo sa pagtitipon.

Siyempre ay kailangang walang bahid pulitika ang kanilang mensahe sa pagdalo nila.

Pero may ilan din na makukulit at nagpupumilit na gagawa ng paraan para makalusot kahit hindi sila kuwalipikadong maging panauhin sa graduation ceremonies.

Kung sila ay makakalusot ay nasa kamay ito ng principal ng isang eskuwelahan.

Kapag nakalusot ang kandidato o pulitiko na mangampanya sa mga graduation ceremonies ay may malaking pananagutan ang prinsipal ng paaralan na kakaharapin sa DepEd.

Talaga nga naman, ang graduation ay isa sa mga paboritong pinupuntahan ng mga kandidato sa panahon ng kampanyahan.

Kapag ang isang kandidato naman ay isang alumnus o alumna ng paaralang nag-imbita ay pahihintulutan ng DepEd.

Ang ibibigay lamang niyang mensahe at inspirasyon sa mga magsisipagtapos na mag-aaral ay dapat naayon sa tema.

Kapag lumilihis na sa kanyang talumpati at napupunta na sa pangangampanya ay makabubuting uwian na lamang.

Malinaw po kasi na iyon ay isang uri ng pagsasamantala.

Sa mga mag-aaral na tatanggap o nakatanggap na ng diploma, maligayang pagtatapos sa inyo.